

1

Intro

DAPHNE'S POV

Alas kwatro na nang umaga at ang magaling kong mga magulang, sarap na sarap pa rin sa tulog.

Kaya eto ako ngayon, may hawak na malaking lata na may iba-ibang klase ng paputok sa loob; 5 star, piccholo at kung anu-ano pa.

Napahagikgik ako. Ganti 'to ng api! Itinago kasi ni Papa 'yung chocolates ko, parusa ko daw 'yun sa pagkulay sa buhok ko ng green.

Oo mas mahal pa niya 'yung buhok ko kesa sa 'kin.

Dahan-dahan akong pumasok sa kwarto, nakatakip 'yung mata ko. Baka kasi may kababalaghan silang ginagawa sa umaga, maganda na'ng sigurado.

Nung nakita kong tulog na tulog sila, nilagay ko na 'yung lata sa may paanan nila. Napangiti ako. Patay kayo sa 'kin!

Sinindihan ko ang pabulo para pumasok ang apoy sa loob ng lata, at nagbilang. 5... 4... 3... 2... 1...

"Sasa! Oh, my God! Dito ka sa tabi ko!"

Hindi ko napigilan 'yung tawa kong walang boses sa itsura ni Papa. Habang nagpuputukan, alert na alert siyang yumakap kay Mama na parang may bumabaril sa kanila.

"Ano'ng nangyayari? P*tangina! Sinusugod tayo!" sigaw pa ni Papa.

Tuloy pa rin sa kakaputok 'yung mga fireworks. Dahan-dahan akong lumabas ng kwarto bago pa nila mapansin na andun ako.

Saktong pagbukas ko nung pinto ay 'yung paghinto din ng mga paputok. Kaya ayan! Huli!

"Daaapphhnee!" nanggalaing sigaw ni Papa. Nilingon ko

siya tsaka nag-peace sign sabay labas ng kwarto nila. “P*nyeta kang bata ka! May meeting pa ako ng alas si—”

Sinara ko ‘yung pinto at dumiretso sa kwarto ko.

Ay! Nakalimutan ko. My name is Daphne Nicole Knight.

My parents are Samantha Michiko Green Knight and Liam Knight. May mga kapatid akong triplets, lalaki lahat. Akala n’yo madali? Hindi! 20 years old na ‘ko samantalang sila ay 18 years old pa lang, pero kung makaasta sila, akala mo! Aish! Sila sina Lucian, Logan at ang forever broken-hearted na Lucas na iniwan ni Sophia, tanga kasi.

Chubby ako, pero may curves! Hindi ako maganda pero nasa akin lahat ng sex appeal. Ahh, whatever. I’m almost perfect. End of story!

First day of class mamaya kaya kailangang matulog na ako. Ayaw ko namang magmukhang stressed sa first day.

“Nakakainis! Tingnan mo, ang kalat ng kwarto natin.”

Blah blah blah... Parang lullaby sa ‘kin ‘yung reklamo ni Papa sa labas. Napangiti ako. Bahala sila dyan at matutulog na ako.

PATRICK’S POV

“Congrats. ‘Wag ka nang babalik dito, ah?” nakangiting sabi nung pulis na naging bantay ko.

Sa wakas! Maaarawan na talaga ako. After 3 years, ngayon ang pinakahihintay kong araw.

Medyo napaaga pa nga, kasi naging mabait naman ako sa loob at hindi na nagdemanda ‘yung pamilya nung nabangga ko. Ang sabi, aksidente daw ‘yun, at ako lang talaga ‘yung nagpakulong sa sarili ko. Para na rin siguro makabawas sa konsensya ko? Ewan.

Kung pwede ko lang ibalik ‘yung araw na ‘yun, ibabalik ko. Makikipag-drag race pa rin ako, pero sisiguraduhin kong hindi sila ang masasaktan, kundi ako.

“Hello, world!” sigaw ko paglabas ng camp kung saan dinadala yung may mga special cases tulad ng akin. Kulang na lang ay

yakapin ko ‘yung sahog, ang tagal ko rin kasing na-detain sa Sun Camp at ang tatay ko lang ang nakakaalam na andito ako.

“Sir? Hinihintay na po kayo ng daddy niyo sa bahay,” sabi nung driver. Tumango lang ako tsaka pumasok sa kotse.

I’m Patrick Miller, only son. 22 years old. My mom is Corazon Miller, namatay siya sa pagsilang sa ‘kin.

Nang makarating na kami sa bahay ay sinalubong agad ako ni Dad.

“Son...” madramang bati niya.

Nasabi ko bang parang babae ‘yung tatay ko? Mabilis siyang umiyak, kaya kung minsan ang sarap hambalusin.

Sumeryoso ako. “Dad... babalik na lang ako sa kulungan.”

Sumimangot siya sa akin. “Ikaw ang bahala. Siya nga pala, si Daphne, lumaking sexy at sa tingin ko madam—”

“Ayusin mo ‘yung files ko, papasok ako sa school niya.” Ngiti ang naging sukli ni Dad sa sinabi ko.

Nag-aral ako sa loob ng camp kasama ‘yung iba pang mga naka-detain doon.

DAPHNE’S POV

Napasarap ang tulog ko. Pagkatapos kong mag-unat ay naligo na ‘ko.

Syempre, kailangan lagi akong alert kaya pants and shirt lang ang suot ko.

Napatingin ako sa buhok ko. Oww! Maganda naman. Bakit kaya ayaw ni Papa ‘to? Inayos ko na ang buhok ko, dito lang ako tumatagal, eh. Sa makeup hindi, kasi lipgloss lang ok na. Pero ang buhok, kailangang pansinin!

Paglabas ko ng kwarto, sumilip-silip muna ako. Baka kasi andito pa si Papa at masapok niya ako.

Nung nakita kong clear, pumunta na agad ako sa kusina... at nand’un sila, nag-aalmusal.

“Good morning,” kunwaring badtrip kong sabi. Napangiti ako

sa loob ko. Ganyan talaga, mukhang badtrip si Papa kaya unahan ko na siya.

“Hoy, Daph, luma na ‘yang style mong unahan mo ‘kong mainis! Oo na, ‘yung chocolates mo, ibabalik ko.”

Napatalon ako sa tuwa, hinalikan ko sa pisngi si Papa at niyakap. “Thank you, Pa! ‘Wag mo nang uulitin ‘yun, ha?” natatawa kong sabi. Ako ang boss sa bahay, eh!

“Yes, Ma’am. Sumabay ka na kay Lucian,” sabi ni Papa.

Hala? ‘Yung sasakyan ko? “Pa? ‘Yung truck ko nasaan?” Yep, truck! Ayaw ko sa maliliit na kotse, parang ang sarap nguyain. Gusto ko ‘yung mga monster truck. Iyong malayo pa lang, kita mo na na parating ako.

“Pinalagyan ko ng *WiFi*,” nakangiting sagot niya.

Susmaryosep! Kung anu-ano ‘yung pinaggagawa sa sasakyan ko. Bago pa ako makapag-thank you, tinawag na ‘ko nina Lucian at Logan.

Ayaw kong sumasabay sa dalawang ito, eh. Ang bagal magmaneho. Tss. Ingat na ingat kasi sila sa baby nila. Akala mo naman nabubuntis ‘yung sasakyan kung makapag-alaga sila.

After 45 years sa sasakyan nila, nakarating din kami sa school.

Pagdating namin sa parking lot, andun si Hunter, isa sa mga kaibigan namin. Dahil magkaibigan ang parents namin, wala akong choice kundi kaibiganin din siya. Matanda ako ng 1 year sa kanya.

“Good morning!” bati ko sa mga kaibigan ko.

“Wow, Daph! I like your hair. Next time, blue naman, ah?” tuwang-tuwang puri ni Gwen habang hinahawakan ‘yung buhok ko. Gwen is also one of my friends. Kaedad ko lang siya. “Alam mo ba, Daph, sabi ni Mama may bago daw student. At gwapo daw, may tattoo nga lang so ayaw ko talaga,” maarteng chika niya.

“Buti na lang wala akong tattoo,” singit ni Aiden. Parte din si Aiden ng barkada. Dahil nga magkakaibigan ang mga magulang namin, nakabuo kami ng napakalaking pamilya.

Naitirik ko ang mga mata ko. Diyos ko. Gaano ba katagal

magliligawan ‘tong dalawang ito? Sa tagal naming magkakakilala, si Gwen na lang ang di nakakahalatang may gusto sa kanya si Aiden.

“Tara na para makapili pa tayo ng upuan,” aya ko. Kailangang maganda ‘yung pwesto ko para mapagtripan ko kahit mga teachers.

PATRICK’S POV

Pinagtitinginan ako ng mga students habang naglalakad ako papuntang registrar office para sa schedule ko. Ano ba’ng problema nila? Ngayon lang sila nakakita ng gwapong may tattoo at hawak na bulaklak? Tsk!

Dumaan muna kasi ako ng flower shop bago pumasok sa school. Isang linggo kong pinag-isipan kung papasok na ba ako o hindi.

“Tita Sasa,” bati ko sa registrar pagkakita ko. Yep, si Tita Sasa, nanay ni Daphne.

Sa kaibigan niya itong school, at pag wala silang magawa, ginagawa nilang playground ang campus.

“Wow! Nakalaya ka na pala. Ang laki ng muscles, ah! Kumusta ang daddy mo?” daldal niya.

“Ok lang, Tita. Gusto ko pareho kami ng schedule ni Daphne,” diretsong sabi ko.

Ngumisi siya. “Sure. Bigyan mo muna ako ng 10 lame reasons tsaka 1 valid reason, saka ko gagawin ‘yung gusto mo.”

Napanganga ako at napahilamos ng mukha. *Oo na, bobo talaga ako sa reasoning.* “Fine, ‘wag na lang,” sabi ko.

Tumawa siya nang malakas tsaka itinuro ‘yung flowers na hawak ko. “Sige na, sinabi na ng tatay mo ‘yung tungkol sa pagpasok mo. Bilisan mo na! Bawal ang late dito!” Inabot niya ang schedule ko.

Napangiti ako at nagpaalam na kay Tita. Diretso akong naglakad papuntang first subject. Pagsilip ko, andun na ‘yung prof. Okay, late ako.

“Yes, Mister?” sabi nung prof sa pagpasok kong walang katok

katok. “Bawal manligaw sa oras ng klase...” puna niya sa hawak ko.

Hindi ko siya pinansin at hinanap ko na si Daphne.

“Dito ba klase mo?!” medyo pikon nang sabi ng prof.

Sasapakin ko na ito, eh. Inabot ko na lang sa kanya ‘yung schedule ko.

Nung nakita ko sa Daphne na mukhang busy sa pagkalikot sa phone niya, inayos ko muna ‘yung bulaklak na hawak ko tsaka ako lumapit agad sa kanya.

“Hello, Taba...”

2

Patrick

DAPHNE'S POV

“Hello, Taba,” a low voice said.

Taba? Isa lang ang tumatawag sa ‘kin n’un, ah! Dahan-dahan akong nag-angat ng ulo at tama nga ako.

“Patricia...”

Holo! Ang gwapo niya! Bakit?!

Ganun pa rin ‘yung mata niya nung huli kaming nagkita. Mukhang nangangain ng buhay. Mas lumaki lang siya ngayon tsaka nagmukhang suplado.

Ang mukha, ang daming kanto, sarap tambayan, men! Oh! Papahuli ba naman ang lips niya? Sarap, men! Nagli-lipstick ba ‘to? Ang pink kasi.

Ang katawan... wala sanang tumutulong laway ngayon sa bibig ko, kung hindi, napakalaking kahihiyang nito!

“Oh, para sa ‘yo,” sabi niya sabay abot nung bulaklak na dala.

Wala akong oras para isipin na kunin ‘yung inaabot niya. ‘Yung kasing muscles niya, eh... nakaka-distract. Ilang pack kaya ang abs nito?

Itataas ko na sana ‘yung damit niya para makita ko nung siniko ako ng babae sa right side ko.

“Daphne, kunin mo na. Mukha siyang ex-convict. Baka magwala siya dito,” takot na takot na sabi niya.

Napalingon ako sa kanya. So what kung gan’un nga? Hindi naman niya kilala personally si Patrick.

Ewan ko pero parang napapalibutan na ‘ko ng bad vibes. Kaya napalingon ako kay Patrick, he looked tense na parang konting hinga lang nung babae ay mapapatay niya.

“Ano ba? Tapos na kayong magligawan dyan sa likod?”

Sus! Pikon talaga ‘tong prof ko! Napangiti ako. Buti na lang at pinang-reserve ko ng upuan si Patrick. Na-excite ako nang binanggit sa akin ni Mama na nakalaya na siya, ilang araw ko na rin siyang inaabangan.

“Thank you,” pa-cute na sabi ko. Ngumiti siya at muntik na ‘kong mahimatay. “Umupo ka na kaya.” Tinuro ko ang upuan sa kaliwa ko.

Nang paupo na siya ay nagbilang ako.

Pag-upo niya ay nasira ‘yung upuan. Napahalakhak ako. Bumagsak tuloy siya sa sahig. Ang sakit na lang siguro ng puwet niya ngayon. Ang lakas kasi ng pagkakabagsak!

Napatingin ang lahat sa kanya habang ako naman ay mamatay-matay na sa kakatawa.

“Dada!” sigaw ni Patrick.

Tumakbo agad ako bitbit ang bulaklak.

“Welcome back, Patricia!” sigaw ko.

At ‘yung prof namin? Nganga! Bahala siya. Buti nga hindi siya ang napagtripan ko.

PATRICK’S POV

Si Daphne nga, ugali pa rin niyang pagtripan ang itsura niya. Kahit ano’ng kulay ng buhok, maganda talaga siya.

I checked her out. Ang cute niya pa rin!

“Oh, para sa ‘yo.” Sabay abot ko sa bulaklak. Ang kaso, dinedma niya ako.

Napangisi ako nang mapansing titig na titig siya sa katawan ko. Pinagpapantasyahan pa yata niya.

Nagulat ako nang akmang itataas niya ‘yung damit ko. Siraulo talaga ‘to!

Bago pa niya maitaas, ‘yung katabi niyang walang utak na mukhang lumalamon ng makeup ay nagsalita. Eh, kung ipakita ko sa kanya kung paano ako mapikon? Sasampolan ko talaga ‘to.

Mayamaya ay nagsalita na ulit ‘yung prof at pinapaupo na ako ni Daphne sa kanyang tabi.

Umupo ako. Nagulat na lang ako sa biglaang bagsak ko sa sahiig.

Napailing ako. Bakit di ko naisip kaagad ‘yun? Of all people, si Daphne ang dapat na di pinagkakatiwalaan!

“Dada!” Hindi naman masakit ang nangyari, pero nagulat talaga ako.

“Welcome back, Patricia!” Tumakbo siya palabas.

Hindi makatawa ‘yung mga kaklase namin. Subukan lang nila at ihahampas ko sa mga mukha nila ang mga upuan.

Nung maka-recover na ‘ko ay tumakbo ako palabas. Patay talaga sa ‘kin ‘tong babaeng ‘to!

Kung saan-saan ako umikot pero di ko siya makita. Magaling talagang magtago si Daphne.

“Yo, Patrick!”

Nagulat ako sa tumawag sa ‘kin. Paglingon ko ay si Caden ang nakita ko, kasama niya si Sabrina. Si Caden ang huling nakasama ko bago ako mapunta sa camp kung saan ako na-detain ng 3 taon. Si Sabrina naman, maniwala kayo o hindi, isa siya sa aksidenteng kinasangkutan ko.

Kasama sila sa barkada, ang tagal ko din silang hindi nakita, ah. Napangiti ako. Lahat niyan sila makikita ko mamaya.

“Pare,” bati ko kay Caden at nagyakapan kami. “Hi, Sabrina,” sabi ko at kinindatan ang kasama niya.

“Isa pang kindat at tatanggalin ko na ‘yang mata mo,” pikon na sabi ni Caden na ikinatawa ko.

“Ba’t mukhang pawis na pawis ka?” usisa ni Sabrina.

I think we’re okay. Napag-usapan na namin ‘yung nagawa ko dati. Aksidente lang daw iyon pero hindi na inungkat pa.

“Si Daphne kasi, eh. Nakita niyo ba?”

“Sumama ka sa amin sa cafeteria. Panigurado andun na sila.”

Sumunod ako at tama nga sila, nakatalikod sa amin si Daphne

kaya hindi niya ako napansin na dumating. Tss. Patay ka sa 'kin ngayon.

"Taba," bulong ko sa tenga niya. Nanigas siya sa kinauupuan tsaka dahan-dahan na lumingon sa akin.

"He-he-he. Hello," kabadong bati niya.

"He-he-he. Hello din," I said mimicking her voice.

"Busog na 'k—"

Nagulat na lang ako na sa kakamadali niyang tumayo ay natalisod siya sa upuan. Mabuti na lang at nasalo ko siya. Ang kaso ay maling parte ng katawan niya ang nahawakan ko...

Natuwa ako. Pinindot-pindot ko muna 'yung boobs niya... ah, lumaki nga.

"Ilang bra 'yung suot mo?" nakangising tanong ko. Mukhang hindi pa nagsi-sink in sa utak ni Daphne 'yung nangyayari kaya hanggang kurap lang siya.

Itinayo ko siya nang maayos at ni-level ang mukha ko sa kanya.

"Dyan ka lang, ha? Bibili ako ng pagkain ko." Tinitigan niya ako na parang nagsasabing, 'anyare?'. I gave her a peck on her lips saka tumalikod na.

Napangisi ako. Patay ako nito pag na-realize niya kung ano ang nangyari.

DAPHNE'S POV

"Sis! Umupo ka dito, 'wag kang magpa-panic, ha?" aya ni Lucian.

Umupo ako sa pwesto nila. "Ano'ng nangyari?" tanong ko sa sarili ko.

"Sis, 'wag kang mabibigla. Nahawakan ni Patrick 'yung boobs mo, tapos kiniss ka niya sa lips," diretsong sabi ni Logan.

Ok? Nahawakan niya 'yung boobs ko... hinalikan niya 'ko...

Hinalikan niya 'ko?

H-hinalikan niya ako?

"Hmm, Sis? Sige, pwede ka nang mabigla," nakangiwing sabi ni

Logan.

Pagkasabi niyon ay parang nagising ako.

“Yaaaaah! Patriciaaaa!” sigaw ko.

Pucha! Hinalikan niya ‘ko!

Hinalikan niya ako at hindi ko man lang nanamnam!

Huh? Wala akong sinabi! Pusang gala!

“Sis, tumatakas siya, oh? Habulin mo, dali!” sulsol ni Lucian.

Tumayo agad ako pero after 5 steps ay bumalik ako sa table namin tsaka ko kinuha ‘yung pagkain ko. Ano ang mga kapatid ko, sinuswerte?

“Bumili kayo ng sarili niyong pagkain!” asik ko at umalis na para hanapin ang lecheng Patrick na ‘yun!

Gaganti ako! Iki-kiss ko din siya! Bawi-bawi lang ‘yan!

PATRICK’S POV

Natatawa pa rin ako. Kailangan kong magtago. Siguro mga kalahating araw. Hindi ko alam kung ano’ng gagawin ni Daphne kapag nahuli niya ako.

Naalala ko ang nangyari kanina at hindi ko mapigilang mapangiti. Ang sarap ng lips niya. Bitin nga lang pero ok na rin. That was not our first kiss anyway.

12 years ago...

“Taba, taba, taba!” narinig kong sigaw nung tatlong batang lalaki. Nilapitan ko nga, kasi makikisigaw din ako.

Nagbago ‘yung isip ko nung makita ko ‘yung batang babae na inaasar nila. Hindi naman mataba, ah? Chubby lang! Tsaka bata pa siya... papayat din siya.

“Hoy! Umalis na nga kayo dito!” matapang na sabi ko. Mas malaki ako sa kanila at mas matanda kaya umalis din sila agad.

“Wala na sila, ‘wag ka nang umiyak,” alo ko sa bata, nakayuko lang kasi siya, eh. Pag-angat niya ng ulo ay namangha ako. Ang laki ng pisngi at ang ganda ng mata.

Napalingon siya sa paligid at nagtaka. “Hala? Asan na ‘yung mga bata?”

Nanlaki ang mga mata ko. Hindi ba siya naiiyak?

“Pinaalis ko na! Pinagtanggol kita!” Feeling ko, si Superman ako. Tinitigan niya ako nang matagal. Napakunot-noo ako, ano ba’ng problema nito?

“Ano ba naman ‘yan, hindi pa ‘ko nakakaganti, eh!” pagdadabog niya.

“Pinagtanggol ka na, ganyan ka pa?” kunot-noo kong tanong.

Nagulat ako nong ngumiti siya ng nakakaloko at mabilis na lumapit sa ‘kin.

Bigla niya akong hinalikan sa labi at tumakbo na siya. Hindi ako makagalaw sa nangyari.

Ewan ko, pero sinundan ko siya. Nagtago ako sa likod ng puno habang mukhang pinapagalitan siya ng nanay niya.

“Daphne, nakita ko ‘yung ginawa mo. Isusumbong kita kay Papa mo...”

Ngumisi lang ‘yung bata. “Mama, nag-thank you lang ako.”

Nag-apir sila ng nanay niya.

“Oh? Ayun siya, Mama! Bata!” tawag niya sa ‘kin at nilapitan ako. “Mama! Bagong friend ko... si hmm...”

“Patrick po.”

“Oh! Patrick! Mama, new friend ko siya. Diba, Patrick, akin ka?” proud na proud na sabi niya.

At d’un na nagsimula ang lahat. Simula noong inangkin ako ni Daphne, hindi na niya ‘ko tinantanan. Naging magkaibigan kami at di na mapaghiwalay. Titiyakin kong iba na ngayon.

“Patriciaaaa!” Nagising ako sa pag-iisip at lumingon sa likod. Naroon ang nakasimangot na si Dada.

Napangiti ako. “Kita na lang tayo bukas, Dada Taba! Love you!” sigaw ko at tumakbo na. Bukas ko na haharapin ‘yung parusa ko.

3



Daphne

DAPHNE'S POV

Pusang galang Patrick na 'yun. Nakulong lang, bumilis nang tumakbo! 'Yung kiss ko! Hindi pa 'ko nakakaganti!

Lumong-lumo tuloy akong umuwi ng bahay. Charot!

"Ma, nagugutom na ako!" sigaw ko pagpasok sa loob.

"Wala siya," seryosong sabi ni Lucas na mukhang libro na dahil sa kakaaral. Siya ang pinakaseryoso sa triplets ngayon. Kabaligtaran ng dalawa.

"Nasaan sila?" tanong ko.

"Mukha ba 'kong hanapan ng nawawalang mag-asawa?"

Holo! May regla? "Ba't ang sungit mo? Para kang regla, nakakairita!" pang-aasar ko.

Bago pa niya ako mabato ng libro ay tumakbo na ako. Dumiretso ako ng kusina para maghanap ng pagkain.

"Nagugutom na ako!" sigaw ko na parang may kusang ilalabas na pagkain 'yung ref pag sumigaw ako.

Biglang may umilaw na bumbilya sa utak ko. Sumilip ako sa sala, nandun sina Lucian at Logan, nagpe-*PlayStation*. Silang dalawa ang pinaka may sira sa ulo. Hindi sila mahilig sa babae, dahil sa isip nila, sa isa't isa nila mahahanap ang kaligayahan. Weird? Hindi. Wala pa lang talaga sa isip nila ang babae. Dahan-dahan akong pumasok sa kwarto nila. Alam kong may cupcake sila dito, eh. Di sila nauubusan ng pagkain sa kwarto nila.

Pagpasok ko ay ni-lock ko agad 'yung pinto. Pagbukas ko ng ilaw ay nanlaki ang mga mata ko. Eh? Kumakain sila ng ganito? Ang daming jars na may chocolates and cupcakes!

Palakihan ng muscles ang dalawa pero imbis na condoms 'yung

nasa jar ay candies ang nakalagay. Uh... whatever!

Lumundag ako sa kama nilang napakalambot at kinuha ang isang jar ng kisses.

Sarap na sarap ako sa pagkain. Magpalipat kaya ako ng kwarto?

“Gusto kong magbakasyon.” Napatigil ako sa pagsubo nang marinig ko ang boses ni Lucian.

“Ako din! Gusto ko sa maraming naka-bikini.”

Napalunok ako. Patay ako nito.

Tumayo ako at parang tanga na paikot-ikot sa kama.

“Saan ako magtatago? Hala, ‘yung kalat!” natatarantang bulong ko sa sarili nang makita ang mga balat ng kisses.

Narinig kong binubuksan ‘yung pinto. Napahinga ako nang maluwa nang maalalang naka-lock iyon.

“Daphne!” sigaw nila. Shit! Paano nila nalaman?

“Kunin mo ‘yung susi natin! May magnanakaw sa kwarto!” sabi ni Logan.

Ahh, no choice! Kumuha ako ng dalawang chocolate jars at pumunta sa bintana nila.

Shit! Mabuhay pa sana ako pagkatapos nito. Ni di ko pa naki-kiss si Patrick, eh. Huh? Saan galing ‘yun? Ibig kong sabihin, hindi ko pa nakakain ‘yung kisses ko!

“Ok! Second floor lang ‘to, Daphne. At pag tumalon ka, ‘wag iuna ang mukha.” Lord, pag nabuhay po ako dito, bukas na bukas din ay magpapalit ako ng kulay ng buhok.

Biglang bumukas ‘yung pinto na parang maaalis na.

“Daphne! Huwag iyang *Cadbury*, favorite ko iyan!” sigaw ni Lucian, pero huli na ang lahat dahil tumalon na ‘ko.

“Aaw! Ang s-sakit,” sabi ko.

Tiningnan ko ‘yung mga jar. Napangiti ako nang makitang buo pa.

Bumagsak ako sa kotse ni Papa, nayupi tuloy ‘yung bubong.

“Pusang gala, Daphne!” sigaw ni Papa. “Sinira mo ‘yung sasakyan ko!”

Walangya! Ba't kasi wrong timing siya kung dadaan?

Napangiwi ako. "Sorry, Pa. Maganda naman, oh, design," sabi ko at iika-ikang tumakbo sa loob ng bahay hanggang sa kwarto ko.

Ang sakit ng paa ko, napuruhan yata! Kasi naman... pero ang saya!

"Pero, Ma! Magnanakaw siya! Pumasok siya sa kwarto namin!" maarteng sumbong ng dalawa.

Sus! Akala niyo naman kakampihan kayo ni Mama.

"Hayaan niyo na, makakaganti din kayo dyan."

Natawa ako. ASDFGHJKL!@#%! Asa!

Kinain ko na 'yung pinaghirapan kong chocolates. Mas sumasarap talaga ang pagkain kapag pinaghirapan.

Hindi na 'ko lumabas ng kwarto kasi nabusog na ako pagkatapos. Naligo na lang ako para makatulog na.

Kinuha ko na lang 'yung phone ko tapos tinext si Mama na di na 'ko kakain. Wala pa akong ten minutes na nakahiga ay nakaramdam na ako ng antok.



"Daph! Bumangon ka na, male-late ka!" sigaw ni Mama.

Hindi ko siya pinansin, tiningnan ko 'yung oras at nakitang ten a.m. na. Okay, five more minutes.

Pumikit ulit ako para umidlip.

Pagdilat ko ng mga mata, nakita kong alas doce na nang tanghali.

"Yaaah! Late na ako, bakit di niyo ako ginising, bakit!" sigaw ko at nagmamadaling kumalkal ng maisusuot.

Patakbo akong pumasok sa cr! Buhos kung buhos! Mamaya na 'ko magsasabon, isasabay ko sa shampoo!

Five minutes lang akong naligo, nagbihis ako agad.

Pagharap ko sa salamin ay inayos ko na ang buhok ko. Eto, mas matagal pa ang pag-e-emote ko sa harap ng salamin kesa pagligo.

Halos talunin ko ang hagdan namin kahit medyo masakit pa ang paa ko. "Ma, nasaan 'yung susi ng truck?"

“Tinago nina Lucian, ewan ko kung saan.”

Nanlaki ang mga mata ko. “Ma, late na ako. Pag na-absent ako, bababa ‘yung grade ko. Pag bumaba ‘yon di ako makaka-graduate. Pa—”

“Leche! Tumigil ka na, nasa ilalim ng sofa. Sige na, layas!”

Natawa ako. Ang daling pikunin ni Mama! Patakbo akong pumunta sa baby truck ko nang makuha ang susi.

Buti na lang walang masyadong traffic kaya nakarating agad ako sa school.

Napalingong-lingon ako. Aba, wala si Patrick, ah? Nasaan kaya ‘yun?

Hmm, baka absent? Pwes, di ko pa rin nakakalimutan ‘yung kasalanan niya!



Mabilis natapos ‘yung first two subjects ko, at ngayon naman ay ang favorite kong school time... vacant!

Nakasalubong ko ang dalawa sa mga kaibigan ko papuntang cafeteria kaya sabay-sabay na kaming umorder. Syempre hindi makukumpleto ang pagkain ko pag walang chocolate.

Papunta na sana kami sa table namin nang biglang may umagaw ng tray ko at itinapon ang laman niyon.

Nanlaki ang mga mata ko. Holooo!

Pupulutin ko sana kahit chocolate lang kaso inapakan niya.

Hinarap ko kung sino ang gumawa n’un. At aba, isang babaeng anorexic.

“Bayaran mo ‘yan,” dabog ko. Sino ba kasi ‘tong babaeng ‘to sa akala niya?

“Alam mo, magbawas-bawas ka ng kinakain kasi ang taba mo, oh.”

Hala? Sino ‘tong babaeng ‘to para bigyan ako ng tip? Eh, mas masarap pa ako kesa sa kanya!

“Bayaran mo na, dali! Nagugutom na ‘ko.”

Narinig kong medyo natawa sina Gwen, kasi di talaga ako

nagpapaapekto sa sinasabi ng iba. Sexy kaya ako.

“Sino’ng magkakagusto sa ‘yo, ha? ‘Yung mga kapatid mo ang gugwapo at sexy, hindi kagaya mo,” sabi pa niya.

Nakuu! Isang piti pa nitong babaeng ‘to, ingungudngud ko siya.

“Oo na, bayaran mo na kasi nagugutom na talaga ako,” sagot ko na lang. Crush lang nito ‘yung mga kapatid ko kaya gumaganyan, eh. Pinagtitinginan tuloy kami ng mga tao.

“Baboy ka naman, diba? Ayan, dilaan mo na lang ‘yang pagkain sa sahig.”

Napalakas yata ‘yung pagkakasabi niya kasi napansin kong papalapit na ang mga kapatid ko.

“Ano’ng pangalan mo?” Nakataas na ‘yung kilay ko.

“Marg—” Nope. Hindi ko na siya pinatapos. I pinned her on the wall and started choking her.

“Stupid girl. Baboy? Eto ang tinatawag na curves, sweetie, at wala ka n’un.” Nagsisimula nang mamula ‘yung mukha niya pero wala akong pakialam. Gutom na ako mambubwisit pa siya.

“H-e-eelp,” hirap na hirap niyang sabi.

Napangiti ako. Ah, di niya ‘ko kilala.

“Ano? Help? Help?” pang-aasar ko habang pilit niyang tinatanggal ang kamay ko sa leeg niya.

Nagulat ako nang may yumakap sa ‘kin mula sa likod.

“Bitawan mo na siya, Dada,” bulong ni Patrick.

Hindi ko siya pinakinggan dahil katapusan na ito ng babaeng kulang sa nutrisyon.

“Mapapatay mo na siya,” bulong niya at hinalikan ang leeg ko.

Medyo lumuwag ‘yung pagkakahawak ko sa babae.

“Please...” he said against my neck and licked it. Nanlambot ang mga tuhod ko sa ginawa niya at nabitawan ang babae.

PATRICK’S POV

Napaupo ‘yung babae sa sahig na sinakal ni Dada. Ubo siya nang ubo. Kinabahan ako d’un. Akala ko mapapatay na niya.

Kakapasok ko pa lang ng cafeteria nung nakita ko siyang may sinasakal na babae.

Di ko alam kung ano ang nangyari. Pero sigurado akong may di magandang sinabi ang babaeng iyon.

Hindi kasi basta-basta nananakit si Daphne maliban na lang pag ikaw ang napagtripan niya.

“Umupo ka na d’un, susunod ako. Bibilhan lang kita ng pagkain,” sabi ko bago siya inikot at tinulak para maglakad na.

I smirked nang makita kong umuubo-ubo pa rin ‘yung babaeng sinakal niya. Iniangat niya ang ulo at tiningnan ako na akala mo super hero niya ako... ay tanga!

“What’s your name?” tanong ko.

“Marg—” Hindi ko siya pinatapos dahil hinawakan ko ang kanyang mukha.

Hinigpitan ko ‘yung pagkakahawak sa may bandang panga niya para humarap sa ‘kin nang maayos.

“First and last warning, ‘wag na ‘wag kang lalapit kay Daphne,” I said menacingly. Nang hindi siya sumagot ay lalo kong hinigpitan ang pagkakahawak.

“Sagot,” pabulong kong sabi pero may galit.

Tumango lang siya. Marahas kong binitawan ang mukha niya at nilapitan na si Daphne, hinila ko siya para lumabas. Himala kasi tahimik lang siyang sumusunod.

Dumiretso kami sa sasakyan ko at pinapasok ko siya sa loob.

“Ano’ng sabi niya sa ‘yo?” tanong ko.

Parang nabigla si Daphne bago tumingin sa akin. “Baboy daw ako,” balewala niyang tugon.

“Wag kang maniwala d’un, hindi totoo ‘yun,” sabi ko.

Ngumiti siya at inilapit ang kanyang mukha sa akin. Nabigla ako nang ilapit niya ang labi sa akin.

Anak ng! Smack na naman?! Hahabulin ko pa sana kaso ang bilis tumakbo, eh!

DAPHNE'S POV

Tunginu!

Nasabi ko ba na crush ko siya? Pero konti lang! Konting-konti! Mga .1% lang.

Biglang nag-vibrate ang phone ko, kinuha ko iyon para makita kung sino ang nag-text.

I'm bored. Tara sa Crocodile World bukas? sabi ni Gwen.

Nag-reply ako agad. Syempre sasama ako para maiba naman.

Palakad na sana ako nang biglang may umakbay sa 'kin.

Paglingon ko sa may-ari ng mabigat na braso ay parang tumigil ang tibok ng puso ko.

Nakangiting nakaakbay sa 'kin si Patrick na parang proud na proud na ako 'yung nasa bisig niya. Oo, bisig talaga!

"Uwi na tayo, alam ko namang wala ka nang ganang pumasok pagkatapos nung nangyari kanina."

Ngumisi lang ako, hindi naman 'yun ang kinainis ko, eh.

"Sayang kasi 'yung pagkain. Hindi naman siya ang bumili n'un, tsaka alam kong hindi ako baboy! Eto ang tinatawag na curves!" proud na sabi ko sabay pose.

Ngumiti lang siya bago ako inakbayan ulit.

Shitness! Kill me now. Ang bango! Sana kaya ng pantyliner ko itong kagwapuhan niya bago kami makauwi!

4

Kisses

DAPHNE'S POV

“Wake up, Taba.”

Anak ng! Hanggang pagtulog ko, pang-aasar pa rin nung lecheng gwapong Patricia na ‘yun ang nasa panaginip ko!

Tumagilid ako at niyakap ang unan ko.

“Tabachoy, gising ka na. Hahalikan kita sige ka.”

Uy, kiss? Panaginip lang naman, pwede na siguro ito.

Ngumuso ako. Hindi ako babangon dahil lang sa pananakot. At sayang ang opportunity.

“Taba, desisyon mo ‘yan, ah.”

Ginalaw-galaw ko ‘yung nguso ko, panaginip naman ito.

Mayamaya naramdaman ko ‘yung lips niya sa ‘kin.

Oh my, ang lambot. Konting kiss pa...

Tinanggal ko ‘yung pagkakayakap sa unan at hinila ‘yung ulo niya.

“Hmmm,” I moaned when he moved. I smiled against his lips and bit his lower lip, he groaned and grabbed my hips.

He deepened the kiss, sliding his tongue inside my mouth.

Napasinghap ako. Oh my! Ang yummysness! Ang lambot ng lips.

Nararamdaman kong gumalaw ‘yung kama ko, and the next thing I felt was someone on top of me.

Bakit parang sobrang totoo naman ‘tong panaginip na ‘to? At bakit ang bastos ng panaginip ko?!

Ahh, whatever... promise, konting kiss pa tapos magmumulat na ‘ko.

Nagulat ako nang maramdaman kong may mainit na kamay sa loob ng shirt ko kaya napamulat agad ako.

And tenenen! Si Patricia! Nire-rape niya ‘yung nguso ko habang nakapikit pa!

Aba, nasasarapan na siya masyado, ah!

Kinagat ko ‘yung lower lip niya... grabe, ang sarap!

“Oh, shit! Aww. Para saan ‘yun?” tanong niyang nasasaktan.

“Umagang-umaga kasi! Ba’t andito ka?” tanong ko habang palihim na ninanamnam ‘yung lips niya. May aftershocks e.

Ahhh! Ano ba ‘to!

“Eh, kasi nagyaya sa crocodile farm sina Gwen, pinapasundo ka nila,” sagot niya at humiga sa kama ko.

“Tss! Istorbo! Umalis ka na, susunod na lang ako.” Tinalikuran ko siya.

“Hmmm.” Kinabahan ako bigla. Niyakap niya ako mula sa likod. “Dito na lang tayo. May crocodile din naman ako, mas mabagsik pa kay *Taguro*,” bulong niya.

Hala! Biglang uminit.

Nae-excite ako. Ay, pucha, rape-in ko na kaya ‘to?

No, no, no! Babaeng Pilipina ka, Daphne. Dapat ang perlas mo ay para lang sa asawa mo.

Baka pwedeng i-advance naman?

Halaaa! Para akong tangang kausap ‘yung sarili ko.

Naputol ang pag-iisip ko nang pinasok ni Patrick ang kamay niya sa loob ng shirt ko at pinagpipindot ang tiyan ko.

“Ano’ng ginagawa mo?”

Hindi ako makalingon kasi wagas ang pagkakayakap niya, nakadantay pa ‘yung hita niya sa ‘kin.

“Ang lambot ng tiyan mo.” Kinurot-kurot niya ang tiyan ko. Hindi naman masakit, kaya lang iba na ang nararamdaman ko.

“Taba,” he murmured then brushed his lips on my nape.

Ay! Nakikiliti ako.

“A-ano?” Taksil na boses! Dapat pagalit ‘yun, eh, ba’t halos umungol na ako?

Argh!

“Hmmm, ang bango mo.”

Napapikit ako. Nakakapraning ‘yung panghaharot ni Patrick sa tiyan ko.

Mayamaya naramdaman kong bumababa ‘yung kamay niya sa waistband ng panty ko.

P-panty ko? Panty ko?

Hinawakan ko agad ‘yung kamay niya para tumigil.

Pusang gala! Naka-panty lang ako!

“Taba... ang ganda ng panty mo. And by the way, Tuesday na ngayon. Kadiri ka, Monday pa rin ‘yang naka-print dyan.”

Nanlaki ang mga mata ko at nagtalukbong sa kumot. “Yaaah! Labas!”

Inangat ko ang kumot at tiningnan ‘yung design ng panty ko. Shit! Monday nga!

“Hindi ka pa rin nagbabago. Tss, tss. Hihintayin kita sa labas.”

Kahit di ako nakatingin, alam kong nakangisi ang lecheng ‘to! Argh!

“Nagkamali lang ako ng nasuot!” sigaw ko pero nakalabas na siya, eh! Nakakainis!

Hindi ako naiinis kasi nakita niya ‘kong naka-undies lang. Naiinis ako kasi bitin! Charot!

PATRICK’S POV

Nakangiti kong sinara ‘yung pinto. Napalatak ako. Siya pa rin talaga ang Daphne na kilala ko.

“Iba ang ngiti mo, ano’ng nangyari sa loob?”

Napatalon ako sa gulat kay Tita Sasa. Ba’t kasi bigla-bigla na lang lumilitaw!

“Tsk. Ang OA mo. Tara sa sala, d’un mo na siya hintayin,” sabi niya na sinunod ko naman.

“Gusto mo si Daphne, ‘no?” biglang tanong niya.

“Yes,” diretsong sagot ko.

“Paano ba ‘yan? Ayaw ko sa ex-convict,” seryosong sabi niya.

“Wala akong pakialam, Tita. Si Daphne ang gusto ko, hindi naman ikaw,” tugon ko bago lumingon sa TV.

Napanganga ako nang humalakhak si Tita. Kitang-kita ang tuwa sa kanya. “Ikaw na nga ang para kay Daphne. Excited na ‘ko! Pasukin mo na kaya ulit sa kwarto niya? Susupportahan ko talaga kayo!”

Laglag ang panga ko sa sinabi ni Tita Sasa. Ayos lang ba siya? Pinanuod ko siyang magtatalon habang nagpaplano para sa amin ni Daphne.

Ano ba ang masasabi ko? Ni hindi niya ako mabigyan ng daan para sumabat.

Mayamaya ay lumabas na si Daphne. Tinitigan ko siya. Simpleng shirt at short lang ang suot niya, at ang headband, bakit sa noo nakalagay?

“Ma! Para kang tanga. Patricia, tara na,” aya niya at dumiretso na sa pinto.

Iniwan ko ang kinikilig na si Tita Sasa.

“Nasaan ‘yung susi mo?” tanong niya na ikinailing ko.

No, masyado kong mahal ang sasakyan ko para ipamaneho sa kanya.

“Come on, Patrick. Please?” Muntik na ‘kong bumigay sa puppy eye niya, pero hindi!

Mahal ko pa ang buhay ko.

Am I OA? Nope. Si Daphne, gustong-gusto niyang sinusubukan ang luck niya, to the point na lahat ay gagawin pati na paliparin ‘yung sasakyan.

“Nakakainis naman, eh!” dabog niya pero di ko siya pinansin.

Ganyan lang naman ‘yan.

“Ayy, Patricia. Malapit na tayong mag-graduate. Ano’ng plano mo?” biglang tanong niya nang nakasakay na kami sa sasakyan.

Ano nga ba? “Ewan? Magpakasal siguro sa ‘yo, magka-baby, tumanda kasama ka,” simpleng sagot ko.

Iyon naman talaga lahat ng balak ko. Nilingon ko siya,

tumingin lang siya sa bintana at hindi ako kinibo.

May sinabi ba 'kong mali?

DAPHNE'S POV

Dyusko! Kinikilig 'yung katawan ko sa kanya!

Paano niya nasasabi 'yun na parang wala lang pero napapakilig niya pati kalamnan ko?

Naku, papunta na yata talaga 'to sa love. Hay, ewan!

Pagdating namin sa parang zoo, andun na sina Gwen sa gate.

Sinalubong kami ni Hunter. Mukha siyang batang naagawan ng kalaro. Napakunot-noo ako, ano'ng problema nito?

"Nagseselos na 'ko!" bulong niya.

Siraulo talaga ito. Kung makapagsalita akala mo may relasyon kami.

"Sasapakin kita. Lumayo ka nga sa 'kin!" sabi ko tsaka nandiring tinulak 'yung ulo niyang malapit sa akin.

"Dati ako 'yung bff mo! Nagpalit ka na!" parang baklang himutok niya.

Napamaang ako. Akalain mong gusto pala niya 'kong best friend kahit lagi kong nilalagyan ng insekto ang locker niya?

"Dude, humanap ka ng iba," sabat ni Patrick na umakbay sa akin at inilayo ako kay Hunter. Pagkatapos ay binati niya ang lahat, napangiti ako nang mapansing parang di lumipas ang ilang taon, kasi di naiilang ang mga kaibigan namin sa kanya.

I stuck my tongue out at Hunter. Ang arte niya, ha.

"I'll get you back!" sigaw ni Hunter na nasapak tuloy ni Jayden dahil sa ka-OA-yan. Jayden is also part of our family. Kapatid siya nina Aiden at Caden. Same age lang kami.

Pagpasok sa farm ay dumiretso agad kami sa malalaking crocodiles.

"Woow! Ang lalaki, oh," namamangha kong sabi.

Sana pwede ko din silang pakainin.

"Hindi naman. Malaki pa muscles ko dyan," mayabang na sabi

ni Patricia.

Suuus! Napangisi ako. May naisip ako!

“Patricia, gutom ako. Bili mo naman ako ng pagkain?” sweet na sabi ko, para sumunod siya kaagad.

“Behave, Taba. Gusto ko pagbalik ay nandyan ka pa rin sa pwesto mo,” banta niya.

Tumango naman ako with my most innocent eyes. Sinama niya ‘yung mga boys kaya kaming mga babae lang ang natira.

Hinintay ko munang makalayo sina Patrick bago tinanong ‘yung mga kasama ko.

“Pwede kaya natin silang pakainin?” Ngumisi ako.

Ngumiti sila na alam na yata ang gusto kong gawin.

“Great! Kuya, pwede kaming pumasok, diba?” tanong ko dun sa nagbabantay.

Umoo naman siya basta may tagabantay na aalalay sa amin.

“Nangangagat ba sila?” parang tangang tanong ko.

“Yes, Ma’am. Basta mag-relax lang kayo, alam kasi nila kung kinakabahan ka.”

Oh? Pwede pala kami sa tubig kasama sila?

“Gwen! Tara lapit tayo?” Umiling siya. Actually, lahat sila umiling. Ano ba naman ‘yan! KJ!

Ako na lang nga!

“Kuya! Lapit tayo sa kanila?”

Natawa ang kuyang tagabantay. “Ikaw ang unang babaeng gustong lumapit sa mga ‘yan,” sabi niya tsaka inabot sa akin ang isang manok na ipapakain.

Ngumisi lang ako. Pinakain ko ang mga buwaya. Syempre nakaalalay pa rin si Kuya kasi nga ay delikado.

Nagulat ako nang biglang parang nasapian ng kung ano ‘yung isang buwaya at mabilis na tumakbo palapit sa ‘kin.

Hinagis ko lahat ng manok na hawak ko tsaka tumatawang tumakbo nang mabilis pabalik kina Gwen.

Humihingal ako at magsasalita na sana nang, “Daphne!”

Patay! “Hi, Patricia,” alangan akong ngumiti tsaka nag-peace sign sa kanya.

“Lapit!” parang tatay na utos niya.

Naku naman! Ba’t ba kasi sinama pa nila ‘to, eh.

Ay mali. Ba’t kasi kaibigan ko ‘to dati, eh!

Patakbo akong lumapit sa kanya. Pagdating na pagdating ko sa tapat niya ay hinatak niya ako.

“Pare! ‘Wag mo nang ibalik ‘yang kapatid namin, ah!” sigaw ni Logan.

Sinaaman ko sila ng tingin. Papatayin na ‘yung ate nila tapos gumaganyan pa sila!

PATRICK’S POV

Dinala ko si Daphne sa mas safe na lugar sa zoo. Ewan ko ba ba’t kasi crocodile ang napagtripan nilang tambayan.

“Patrick naman, ano’ng gagawin natin dito? Puro pagong lang ‘tong mga ‘to. Balik na tayo d’un!” pagmamaktol niya.

Kinabahan ako nang makita ko siyang hinahabol ng buwaya. Sinong tanga ang hinahabol na nga tumatawa pa?

“Sabi ko behave, diba?”

“Opo, Dad! Hindi na ‘ko uulit. Promise!” she sarcastically said.

Isang suntok lang, oh? Pagbigyan niyo na ‘ko! Ang kulit niya kasi. “Paano pag nakagat ka n’un? Ano sa tingin mo’ng gagawin ko sa buwaya?” pikon na sabi ko.

“Kakagatin mo din?”

Napahilamos ako ng mukha. Wala talagang punto pag si Daphne ang kaaway mo.

“Ba’t ka ba asar na asar dyan? Ok naman ako, oh,” turo niya sa sarili bago ako hinila. “Kaya tara na, balik na tayo dun!”

Isinandal ko siya sa may fence na harang para sa mga pagong.

I kissed her forehead. “This is why I’m pissed,” sabi ko at hinalikan ang magkabila niyang pisngi. “I care for you.” Hinalikan ko ang ilong niya. “I like you.” I kissed her chin. “Because I need

you.” I trailed down to her neck.

I gave her a peck on her lips and murmured,

“I want you... because I love you ever since you kissed me and introduced me to your mom as your friend,” I said against her lips.

Medyo nilayo ko ang mukha ko para makita siya, para malaman ang reaksyon niya. Kaso ay wala! Nakatingin lang sa kawalan.

“Sumagot ka naman! Para akong tanga dito.”

Kumurap-kurap siya. “Bakit ako?”

“Why not you?” balik-tanong ko. Wala rin akong sagot dyan.

“Ano ba? Tingnan mo nga, ang gwapo-gwapo mo tapos ako cute lang! Ang macho mo pa—”

“So macho pala ako sa paningin mo?” pabirong tanong ko.

“Seryoso ako dito, eh!” namumula ang mukhang sabi niya.

Napangiti ako. Ang cute niyang tingnan. “Seryoso na. Di ko alam kung bakit ikaw. Hell, kinakabahan nga akong makatulong kapag ikaw ang kasama. Baka kasi paggising ko, may masakit na sa ‘kin, baka wala na ‘kong paa,” pabirong sabi ko na ikinasimangot niya.

Nagpatuloy ako. “Pero alam mo bang isa ‘yun sa mga dahilan kung bakit gusto kitang makasama? Parang suicide attempt nga ‘tong ginagawa ko pero mahal talaga kita. Pwede mo ba ‘kong bigyan ng chance?”

“Pasakayin mo muna ako sa ostrich?” nakangiting sabi niya.

“Dada!” I gave her a warning tone. Seryoso ako tapos babanatan niya ako nang ganun.

Natawa siya. “Just kidding.” Bigla niya akong hinalikan at binulungan. “I want nothing more than that.”

I smiled and hugged her tightly. “Hindi ka magsisisi.” Hinila ko na siya para maglakad. “Uwi na tayo, mas marami tayong magandang pwedeng gawin sa bahay niyo kesa dito.”

She’s officially mine. All mine.